


1

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 18: Pag-uusap Tungkol sa Ipinakitang Larawan Batay sa Sariling Karanasan



MTB - MLE – Unang Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 18: Pag-uusap Tungkol sa Ipinakitang Larawan Batay sa Sariling Karanasan

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-ari ng iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Florence A. Rupac

Editor: Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon R. Prestoza

Mercy Acupido-Pablo, Leodigaria Laud-Reyno, Bryan D. Tagaca

Tagasuri: Felidar A. Beltran, James D. Pamittan

Tagaguhit: Daisy F. Aquino, Eugene A. Agpaoa, Florante Salazar

Tagalapat: Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas

Jessie L. Amin

Octavio V. Cabasag

Rizalino G. Caronan

James D. Pamittan

Romel B. Costales

Rodrigo V. Pascua

Marietess B. Baquiran

Maria Cristina A. Acosta

Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 18:
Pag-uusap Tungkol sa Ipinakitang
Larawan Batay sa Sariling
Karanasan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.


Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Kumusta ka?

Binabati kita sa iyong pagtatapos sa ikalawang linggo ng ating asignatura.

Ako'y nagagalak na ibahagi sa iyo ang ating susunod na aralin.

Inaasahang makapagbabasa ka ng kuwento at makikilahok sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling karanasan, pagkokomento at pagtatanong. Ikaw ay bibigyan ng panahon upang sagutin at maisagawa nang tama ang mga gawain.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa pakikinig ng kuwento, pagbabasa at pagsasagawa ng wasto sa mga kasanayang may kaugnayan sa kuwentong nabasa.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapagsasabi o nakapagpapahayag ng opinyon tungkol sa ipinakitang larawan sa kuwento;
2. Nakapagbabahagi ng sariling karanasan; at
3. Nakapagsasagawa ng mga gawain nang may kagalakan.



Subukin

Ikaw ba ay isang mabuting bata? Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong kapwa?



Gawain 1

Pagmasdan at suriin ang ginagawa ng bawat larawan. Ano ang ipinapakita o ginagawa ng bawat tauhan? Alin ang nagpapakita ng kabutihan sa kapwa? Ikuwento o ilarawan mo nga?



Gawain 2

Tukuyin ang larawang nagpapakita ng kabutihan sa kapwa. Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung tama at ekis (X) naman kung mali.





Balikan

Ano-ano ang pangalan ng mga laruan ni Alex?

Ano ang ginawa ng malikot na Mingming sa mga laruan na ito?


Ano kaya ang nararapat na gawin sa mga nakakalat na laruan? Sabihin mo nga?



Tuklasin

lugnay ang mga larawan sa angkop na pangalan nito.

Isulat sa kwaderno ang napiling letra ng iyong sagot.



1. _____

A. pulubi



2. _____

B. namimili



3. _____

C. namamasyal



4. _____

D. mag-anak



5. _____

E. paaralan



Suriin

Nakapamasyal ka na ba kasama ang inyong magulang?

Anong gagawin mo kung may hihingi sa iyo ng tulong habang ikaw ay namamasyal?

Basahin ang kuwento.

Kahanga-hanga si Zeny



Namasyal ang mag-anak nina Mang Zoro at Aling Zara kasama ang kanilang anak na sina Zeny at Zel.

Namili sila ng mga bagong damit at sapatos para sa pagpasok nila sa paaralan. Kumain sila ng masasarap na pagkain.

Isinuot ni Zeny ang paborito niyang laso na kulay lila. Isinuot naman ni Zel ang kanyang relo na bigay ng Lolo niya.


Tuwang-tuwa ang dalawang bata sa kanilang pamamasyal. Napansin ni Zeny ang isang batang pulubi habang naglalakad sila.

Nakaupo ito sa tabi ng lumang silya. Naawa si Zenyat binigyan niya ito ng binili niyang tinapay.

Nagpasalamat ang batang pulubi kay Zeny. Nakita ni Aling Zara at Mang Zoro ang ginawa ni Zeny. Napangiti ang mag-asawa. Umuwi silang may ngiti sa labi habang nakatingin si Zeny sa pulubi.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Ano ang gagawin ng mag-anak?
3. Sino ang nakita ni Zeny habang sila ay naglalakad?
4. Ano ang ginawa ni Zeny sa kanyang nakita?
5. Kung ikaw si Zeny, tutularan mo ba ang kanyang ginawa? Bakit? Ibahagi ang iyong karanasan batay sa kuwento.



Pagyamanin

Gawain 1

Pagmasdan ang mga larawan. Isulat sa malinis na sagutang papel ang salitang **Oo** kung ito ay mga gamit ni Zeny sa kuwento at salitang **Hindi** kung iba ang gamit.

1.




2.



3.



4.




5.



Gawain 2

Pagtapat-tapatin ang salitang nasa hanay A na katugma o kasintunog nito sa hanay B. Isulat sa malinis na papel ang iyong sagot.



laso




a. aso



ngiti



b. gulay



tinapay



c. labi




pulubi



d. Zoro



relo



e. bumili

Gawain 3

Alin sa mga sumusunod na larawan ang may kaugnayan sa ating kuwentong binasa o napakinggan. Ikuwento ang isinasaad sa napiling larawan.



Isaisip

Ang pagkatuto sa isang bagay ay nagsisimula sa pakikinig. Pakikinig ang susi upang maisagawa nang mahusay ang mga gawain. Maipapahayag mo ang iyong suhestiyon, komento o opinyon. Malayang maibahagi ang sariling karanasan kung masusi mong inaral at pinakinggan ang kuwento, pag-uusap at pagtalakay sa isang aralin.

Ang pagmamahal sa kapwa ay paggawa ng bagay na nakapagpapagaan ng kanilang kalooban, may pagmamalasakit at pagbibigay ng tulong na walang hinihinging kapalit. Ito ay kusang-loob na pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan.

Ang paggawa nang mabuti sa kapwa ay nagpapakita rin ng pagmamahal sa Diyos.

Ipagpatuloy ang pagiging isang mabuting bata sa pamilya at sa ibang tao.



Isagawa

Pagmasdan ang larawan sa ibaba. Ibigay ang inyong opinyon o pahayag sa ipinakita sa larawan.







Tayahin

Basahin ang mga pangungusap. Suriin ang angkop na larawan na tinutukoy. Isulat ang sagot sa malinis na papel.



1. Bagay na ginagamit upang maayos ang buhok.




2. Isinusuot sa paa upang hindi ito marumihan.





3. Lamig at init ay maiiwasan kung ito'y isusuot sa katawan.



4. Bagay na isinusuot sa kamay upang ang oras ay hindi makalimutan.



5. Pagkaing ibinibigay ni Zeny sa pulubi.





Karagdagang Gawain

Iguhit sa malinis na papel ang larawan ng iyong masayang pamilya. Sumulat ng maikling kuwento tungkol dito at ibahagi sa iba, sa guro o sa mga kamag-aral.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

Gawain 1
1. Tanggapin ang mga wasto o angkop na sagot

Gawain 2
1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. X
5. X

Pagymanin

Gawain 1
1. 00
2. 00
3. 00
4. 00
5. HINDI

Pagymanin

Gawain 2
1. a
2. c
3. b
4. e
5. d

Tuklasin

1. c
2. a
3. e
4. b
5. d

Pagymanin

Gawain 3
1. Tanggapin ang mga wasto o angkop na sagot

Isagawa
1. Tanggapin ang mga wasto o angkop na sagot

Tayahin

1. suklay
2. sapatos
3. damit
4. relo
5. tinapy

Sanggunian:

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph